COUNTY OF SAN MATEO
HEALTH SYSTEM

SA: Mga Pasyente/Kliyente ng Sistemang Pangkalusugan ng San Mateo County
MULA SA: Sistema ng Kalusugan ng San Mateo County
PETSA: Enero 2018

Binabago ng San Mateo County Health System ang paraan kung paano ibinabahagi at itinatago ang mga datos ng pasyente. Ipaliliwanag ng sulat na ito kung paano makakaapekto sa iyo ang mga pagbabagong iyon at bibigyan ka nito ng opsyon na tumangging lumahok dito.

Pahihintulutan ng aming programa na SMC Connected Care ang lahat ng iyong mga tagapagkaloob ng pangangalaga, kabilang ang iyong doktor, espesyalista, o tagapayo, na makita sa isang pribadong computer network ang iyong impormasyon na may kaugnayan sa iyong kalusugan. Magbibigay ito sa iyong mga doktor at provider ng pangangalaga ng mas ganap na pang-unawa sa kasaysayan ng iyong kalusugan habang bumubuo sila ng pinakamagandang mga plano ng paggamot para sa iyo.

Pahuhusayin ng SMC Connected Care ang kalidad, kaligtasan, at pagiging mas maganda ng iyong karanasan sa pangangalaga ng kalusugan. Ang mga propesyonal lamang na gumagamot sa iyo ang makakakita sa iyong impormasyon. Halimbawa, kung nagpapatingin ka sa iyong doktor sa klinika sa iyong lugar at inirekomenda ka sa isang espesyalista sa San Mateo Medical Center, maaaring makita ng espesyalista mo ang iyong mga gamot, resulta ng laboratoryo, alerhiya, at ulat mula sa iyong doktor.

Gumagamit ang SMC Connected Care ng digital na pangseguridad na proteksyon na ginagawang mas ligtas ang elektronikong pagtatago ng impormasyon kaysa mga de-papel na rekord. Pananatilihing pribado ang iyong elektronikong impormasyon at ang mga provider lamang ng iyong paggamot ang makakakita nito. Hindi ito ibabahagi sa ibang mga doktor o tauhan na hindi nanggagamot sa iyo.

Ang San Mateo Medical Center ng San Mateo County Health System, Mga Serbisyo Para sa Paggaling at sa Kalusugan ng Isip, Mga Serbisyo Para sa Pagtanda at Para sa mga Nasa Hustong Gulang, Mga Serbisyong Pangkalusugan ng Pamilya, Patakaran at Pagpaplano Para sa Kalusugan ng Publiko, at ang Mobile Clinic ay bahagi lahat ng SMC Connected Care.

Ang iyong paglahok sa SMC Connected Care ay boluntaryo. Ang iyong pagpiling lumahok ay hindi makakaapekto sa iyong kakayahang tumanggap ng pangangalaga mula sa San Mateo County Health System. Awtomatiko kang ie-enroll sa SMC Connected Care maliban kung pinili mong mag-opt out (tumigil) sa paglahok. **Kung nais mong manatili sa SMC Connected Care, wala kang dapat gawin.**

Kung pinili mong mag-opt out, ang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan ay hindi elektronikong maibabahagi ng mga provider ng San Mateo County Health System, maliban sa isang medikal na emerhensya. Ito ay hindi ibabahagi kung magpapagamot

ka sa labas ng San Mateo County Health System. Ang mga provider ay maaaring humiling at tumanggap ng iyong medikal na impormasyon sa pamamagitan ng ibang mga paraan, gaya ng fax o mail.

**Pakitandaan: Alinsunod sa mga Pederal at Pang-estadong regulasyon, ang mga clinician sa isang medikal na emerhensya ay awtorisadong magsuri ng lahat ng impormasyong pangklinika na kailangan nila upang magkaloob ng angkop na pangangalaga, kahit na pinili mong mag-opt out.**

# Paglahok sa SMC Connected Care

Awtomatiko kang isinasama sa SMC Connected Care maliban kung gagawa ka ng pagkilos na mag-opt out. Kapag may appointment ka sa iyong provider ng pangangalaga, ligtas na ipadadala ang iyong impormasyon sa SMC Connected Care at ang mga provider ng iyong paggamot lamang ang makakakita nito. **Kung nais mong lumahok sa SMC Connected Care, hindi mo kailangang ibalik ang kalakip na form**.

Kapag nag-opt out ka, hindi elektronikong maibabahagi ng mga provider ng San Mateo County Health System ang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan. **Makukuha lamang ang iyong impormasyon sa pamamagitan ng SMC Connected Care kung may medikal na emerhensya.**

Kung gagamitin mo ang papel na bersyon ng form, kabilang sa mga opsyon mo ng pagbabalik ang:

1) U.S. Mail. Ipadala sa tirahan na nasa ibaba:

   Health IT – SMC Connected Care
   HLT 362
   225 37th Avenue
   San Mateo, CA 94403

2) I-fax sa:
   (650) 573-3626
   Attn: SMC Connected Care

3) Ibalik ang form sa San Mateo County Clinic

Pakitandaan na aabutin ng hanggang tatlong araw ng negosyo upang maproseso ang iyong kahilingan kapag natanggap ito. Makakatanggap ka ng sulat sa pamamagitan ng U.S. mail na kumukumpirma ng iyong pagpili na mag-opt out. Mangyaring linawan ang pagsulat dahil ang mga hindi mababasa ay ibabalik.

Kung nag-opt out ka at nagbago ang iyong isip, may opsyon kang bumalik sa ibang petsa sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa www.smchealth.org/connectedcare at pagkumpleto sa isang online porma.

Para sa mga tanong o tulong sa SMC Connected Care, pakibisita ang www.smchealth.org/connectedcare.

*Ang form na ito ay kinakailangan **lamang kung nais mong mag-opt out** sa SMC Connected Care.*

**San Mateo County Connected Care**
**Paunawa ng Pag-opt out sa Paglahok**

Sa pamamagitan ng pagkumpleto sa form na ito, TINATANGGIHAN KO ANG PAGBIBIGAY NG PAHINTULOT sa LAHAT ng mga lumalahok na tagapagkaloob na i-access ang elektronikong impormasyon tungkol sa aking kalusugan sa pamamagitan ng SMC Connected Care**, maliban kung may medikal na emerhensya.**

**<u>Mapagkikilanlang Impormasyon</u>**

Pangalan ng Pasyente/Kliyente:

______________________________________________________
(Pakisulat)

Petsa ng Kapanganakan: _____ /_____ /_____

Kalyeng Address:

____________________________________________________________

Lungsod: ________________________Zip Code: ________________

Numero ng Telepono: (_______) _______________________

**<u>Awtorisadong Pirma</u>**

______________________________________ ___________________
Pirma Petsa

Kung ang pipirma ay hindi ang pasyente, pakisulat ang pangalan sa ibaba at isaad ang kaugnayan.

__________________________ __________________________
Isulat ang Pangalan ng Awtorisadong Kinatawan | Kaugnayan sa pasyente/kliyente

*Dapat kumpletuhin ang isang hiwalay na form para sa bawat indibidwal na pasyente, kabilang ang mga miyembro ng pamilya at mga menor de edad.*